CAI ) Mutual Benefit Associat_n, Inc.
A member of CARD MRI

# KATITIKAN NG IKA-15 TAUNANG PAGPUPULONG
## *"Keeping the CARD MBA Spirit"*
**CARD MRI Development Institute, Brgy. Tranca, Bay, Laguna**
**September 8 to 9, 2014**

**Unang Araw ng Pagpupulong September 08, 2014**

I. Nagsimula ang ika-15 na taunang pagpupulong ng CARD MBA sa ganap na ika-8 ng umaga sa pamamagitan ng panalangin ni BOT Genelyn C. Chavez.

Sa pangunguna nina In-House Actuary Michael Kelvin N. Junos at Insurance Processor for Underwriting Cristy C. Enriquez bilang Masters of Ceremony ay binati ang lahat ng mga nagsidalo; mula sa mga representatives, mga MBA Coordinators ng Luzon, Visayas at Mindanao, mga dating Pangulo ng CARD MBA, mga representatives mula sa BOAT Partners, gayundin ang mga kasalukuyang Lupon ng Patnugot at iba pang bisita. Isang pagbati rin ang ipinabatid para sa lahat ng bumubuo ng CARD MBA sa pangunguna ng CMDI Institute Director, Edzel Ramos.

II. Kasunod nito ay ang pagtalakay sa House Rules at ang mga magiging kaganapan para sa dalawang araw na pagpupulong sa pamamagitan ng Deputy Director for Admin and Finance Ms. Janet D. Caneo

III. Ganap na binuksan ni BOT President Virginia D. Baldo ang taunang pagpupulong sa pamamagitan ng pagbati at pagpapasalamat sa lahat ng dumalo, sumuporta at nakiisa.

IV. Paglalahad ng Bagong Proseso ng Eleksyon

Inilahad ng Corporate Legal Officer Atty. Rodalice P. Cabe ang bagong proseso ng eleksyon na nakasaad sa saligang batas ng Samahan.

Ayon sa kanya, kabilang sa bagong saligang batas ng Samahan na inapruba ng Security and Exchange Commission (SEC) noong nakaraang taon, ang mga kasapi ng Samahan ay nahati sa dalawang klasipikasyon. Ito ay ang tinatwag na *voting members at non-voting members.* Ang mga *voting members* ay ang mga aktibong kasapi ng samahan na may loan at *required* na dumalo sa pagpupulong sa center sa alin mang kaanib na institusyon ng CARD MBA. Samantala, ang mga *non-voting members* ay ang mga kasaping mayroon lamang saving o capital build-up at hindi *required* dumalo sa pagpupulong sa center sa alinmang kaanib na institusyon ng CARD MBA.

Ang mga *voting members* ay maaaring magtalaga ng nominado na magdala ng kanilang mga boto o ang tinatawag na "*proxy votes*". Labing-tatlong (13) myembro ng Lupon ang maaring maiboto, mula sa mga kasapi habang ang dalawa ay mga *Independent Trustee.*

Ang lahat ng kwalipikadong CARD MBA coordinators ay dumaan sa *background check* sa tulong ng *Cluster Nomination Committee* (CNC). Ang lahat ng hinirang ng CNC na nominado ay dumaan muli sa masusing pasusuri ng *Central Selection Committee* (CSC) upang masiguro na ang lahat ng maaring maging Lupon ng Patnugot ng samahan ay karapat-dapat at maasahan. Ayon sa resulta ng pagpupulong ng CSC ay nagkaroon ng dalawampu't dalawang (22) nominado bilang Lupon ng Patnugot na siyang pamimilian sa gaganaping eleksyon.

Sa taong ito ay mayroong pito (7) na ihahalal bilang Lupon ng Patnugot dahil na rin sa pitong mga papalitan na matatapos ng termino na sina:

| PANGALAN | CLUSTER |
|---|---|
| Remia C. Vasquez | Luzon 3 |
| Letecia dG. Del Corro | Visayas 2 |

| | |
|---|---|
| Genelyn C. Chavez | Visayas 2 |
| Lucy S. Gonzales | Visayas 2 |
| Celenia B. Lazo | Mindanao 1 |
| Patricia M. Pelera | Mindanao 2 |
| Emmylou S. Onyot | Mindanao 2 |

V. Paglalahad ng Tungkulin at Alituntunin ng Lupon ng Patnugot

Inilahad ng Senior Program Manager-OIC, Ms. Arlene R. Umandap ang gagampanang tungkulin ng isang Lupon ng Patnugot tulad ng:

1. Bumuo ng mga alituntunin at patakaran ng buong Samahan;
2. Siguruhin na ito ay ipinatutupad ng Tagapamahala nito para sa ikabubuti ng Samahan.
3. Pangasiwaan ang pondo at mga ari-arian ng Samahan.

Matapos ang paglalahad ng tungkilin ng isang Lupon ng Patbnugot ay binigyan ng oras ang dalawampu't dalawang (22) nominado upang magpakilala.

Natapos ang unang araw ng pagpupulong sa ganap na ika-5 na hapon.

**Ika-2 araw ng pagpupulong September 09, 2014**

Sa ganap na ika-9 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin sa pangunguna ni Claims Manager-OIC Ms. Aileen B. Castro ay ganap na sinimulan ang pormal na araw ng Annual General Membership Meeting. Sinundan ito ng pag-awit ng pambansang-awit ng Pilipinas, ng CARD MRI Hymn at pagbati ni RRB President Ms. Flodeliza L. Samiento

**I. Pambungad na Pananalita**

Nagbigay ng paunang pagbati ang General Manager ng CARD MBA, Ms. May S. Dawat. Ipinagdiriwang sa araw na ito ang "*Microinsurance Day* ng buong CARD MRI. Binanggit niya na ang mahahalagang bahagi ng pagtitipon ay ang paglalahad ng mga naganap noong taong 2013 at ang paghahalal ng mga bagong miyembro ng Lupon ng Patnugot.

Tinalakay din na ang CARD MBA ay patuloy sa pagbuo ng mga produktong kinakailangan ng mga miyembro tulad *ng Crop Insurance* at *Business Interruption Insurance*. Ang mga produktong ito ay kasalukuyan pang pinag-aaralan at sa tulong ng CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI), ito ay madali nang maisasakatuparan.

Sa pagtatapos ng kanyang pananalita, malugod niyang pinasalamatan ang buong management ng CARD MRI at RIMANSI sa suportang ibinigay ng mga ito sa nagaganap na AGMM.

**II. *Proof of Quorum* at Pagbasa/Pagpapatibay sa Nakaraang Katitikan**

Inilahad ni BOT Secretary Charito L. Rivera ang proof of quorum na kung saan nagkaroon ng 977,939 na proxy votes mula sa 1,327,617 na *voting members* kaya't idineklarang may *quorum* sa total na 74%. Dahil dito, maaari nang pormal na isagawa ang pagpupulong gayundin ang paghahalal ng mga bagong Lupon ng Patnugot.

Binasa rin ni BOT Charito L. Rivera ang katitikan ng ika-14 taunang pagpupulong at ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng mungkahi ni BOT Lucy S. Gonzales at pinangalawahan naman ni BOT Celenia B. Lazo. Dahil dito ay pinagtibay ang katitikan ng ika-14 na taunang pagpupulong *na ginanap noong ika-08-09 ng Setyembre* 2013.

**III. Business Arising**

Pinangunahan ni GM May S. Dawat ang pagtalakay sa dalawang puntong napag-usapan sa nakaraang pagpupulong. Una, ang extension ng Basic Life Insurance para sa mga kasapi ng Samahan na nais pang magpatuloy bilang kasapi kahit sila ay lumampas na sa edad 70. Noong August 18, 2014 ay pormal nang inilunsad ang *Golden Life Insurance Program* para sa mga kasaping aabot na sa retirement age.

Tinalakay din ang Funeral Benefit na napag-usapan din noong nakaraang taon. Sa kasalukuyan ay nasa *pilot-testing* na ang benepisyong ito sa Quezon at Bicol area sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Rimansi Mutual Solutions Inc.

## IV. Ulat ng Pangulo

Sa ulat ni BOT President Virginia D. Baldo inilahad niya sa pamamagitan ng isang presentation na naglalaman ng lahat ng kaganapan sa CARD MBA para sa taong 2013. Kasama na dito ang bilang ng mga myembro at pamilyang naiseguro ng CARD MBA na may total na 9,253,075, mga nabigyan ng claims na nagkakahalaga ng 2.116B (cumulative) at 576M (year to date), status ng 1-3-5 day target sa pagbabayad ng benepisyo kung saan *97.26%* para sa myembro at *95.71%* para sa mga *legal dependents* at iba pa.

## V. Mensahe ng Dating Pangulo

Nagbigay ng paunang bati ang dating pangulo ng CARD MBA, Ms. Nilda B. Basilan. Nagbigay din siya ng mensahe sa mga magiging bagong Board of Trustees at sa mga magtatapos na ang termino. Biniyang diin din nya ang kahalagahan ng "*Family Spirit*". Ayon sakanya, habang siya ay namumuno sa samahan ay naramdaman niya na pamilya niya ang bawat staff at miyembro. Sa pagtatapos ng kanyang mensahe sinabi nya na "Walang kapalit na halaga ang Pasasalamat".

## VI. Paghahalal ng Lupon ng Patnugot

Ipinaliwanag ng *Corporate Lawyer* Atty.Anatalia F. Buenaventura ang kwalipikasyon ng patnugot at pagsasagawa ng pagboto.

Muli ay ipinaliwang ni Atty. Buenventura ang ang tatlong committee para sa eleksyon: *Cluster Nomination Committee, Central Selection Committee at Election Committee*. Dahil dito, makakasigurong ang mga nominado ay dumaan sa isang masusing proseso.

Ang *Election Committee* ay binubuo ni Mr. Enrique L. Navarro (CMDI) Ms. Jocelyn D. Dequito (CARD, Inc.) at Ms. Mary Jane A. Perreras (CARD SME BANK, Inc.)

Matapos ang pagpapaliwanag ay inumpisahan naman ang proseso ng eleksyon kung saan dumako na ang mga Lupon ng Patnugot at mga nominado sa voting precinct upang bumoto. Ang naganap na botohan ay masusing binantayan ng Election Committee. Matapos ang tatlumpong minuto ay dinala na sa auditorium ang nakaselyong ballot box upang bilangin.

Unang binilang ang numero ng mga balota. Matapos ay isa-isa nang binilang ang mga boto sa bawat balota sa pangunguna ng *Election Committee*. Mayroong dalawang botong hindi nakwalipikado at hindi isinama sa bilang dahil sa pagkakabaliktad ng pinagsulatan ng Cluster. Ang bilangan ng boto ay ginanap mismo sa harap ng nominado at ng lahat ng dumalo sa pagpupulong upang maiwasan ang anumang issue na maaring kaharapin.

Mula sa mga nominado, ang mga sumusunod ang naging resulta ng eleksyon at ang bilang ng kanilang nakuhang boto.

| CLUSTER | PANGALAN NG NOMINADO | BILANG NG BOTO |
|---|---|---|
| LUZON 1 | Irene M. Curammeng | 239,778 |
| | Cynthia D. Fajarito | 462,701 |
| | Shirley A. Obispo | 206,123 |
| | Marites B. Tulao | 69,337 |
| LUZON 2 | Lailanie E. Andres | 224,420 |
| | Remedios B. Molleno | 214,133 |
| | Nimfa M. Santos | 447,775 |
| LUZON 3 | Perla P. Cruzat | 207,660 |
| | Eleanor D. Kakilala | 258,665 |
| | Abundia C. Manabes | 291,037 |
| | Ma. Lourdes D. Rosales | 175,909 |
| VISAYAS 1 | Evangeline O. Asis | 397,006 |
| | Haydee G. Eulin | 468,361 |
| | Carmela B. Zabala | 112,572 |
| VISAYAS 2 | Lelibeth A. Alberio | 530,313 |
| | Edna D. Bejo | 236,854 |

| | | |
|---|---|---|
| | Justina B. Jor | 96,191 |
| | Ma. Liza D. Villaraza | 37,680 |
| MINDANAO 1 | Shirley V. Isidro | 477,611 |
| | Ofelia V. Loking | 329,380 |
| | Enemecia G. Padullon | 94,047 |
| MINDANAO 2 | Evengeline R. Yoson | 933,271 |

Sa pagtatapos ng eleksyon, ang mga sumusunod ang bagong nahalal na Lupon ng Patnugot;

| CLUSTER | PANGALAN | BILANG NG BOTO | TERMINO |
|---|---|---|---|
| Luzon 1 | Cynthia D. Fajarito | 462,701 | 2 taon |
| Luzon 2 | Nimfa M. Santos | 447,775 | 2 taon |
| Luzon 3 | Abundia C. Manabes | 291,037 | 2 taon |
| Visayas 1 | Haydee G. Eulin | 468,361 | 2 taon |
| Visayas 2 | Lelibeth A. Alberio | 530,313 | 2 taon |
| Mindanao 1 | Shirley V. Isidro | 477,611 | 2 taon |
| Mindanao 2 | Evengeline R. Yoson | 933,271 | 2 taon |

## VII. Mga Mensahe

Nagbigay ng mga mensahe sina Mr. Jun Jay Perez*(RIMANSI Executive Director),* Mr. Geric G. Laude (*CPMI President and CEO*) Ms. Dolores M. Torres (CARD Bank, Inc President) Ms. Mary Jane Perreras *(CARD SME President & CEO),* Hon. Ferdinand George A. Florendo (Deputy Insurance Commissioner) at Dr. Jaime Aristotle B. Alip *(CARD MRI Managing Director).* Pinalakas nila ang loob ng mga bagong nahalal na mga Patnugot at nagpasalamat sa mga Patnugot na natapos na ang termino.

Binati ni Deputy Commissioner Florendo ang ika-05 taong anibersaryo ng CARD MBA. Binigyang puri niya ang CARD MBA sa pagiging palaging una nito sa larangan ng microinsurance. Pinasalamatan niya ang naging magandang kontribusyon ng CARD MBA sa microinsurance industry na nakakatulong sa ating mga simpleng kababayan. Hinamon niya ang CARD MBA na mapanatili nito ang malawak pa sa mas maraming taon ang institusyon upang mas marami pa itong matulungan.

Pagkapos nito ay binati at pinasalamatan ni Managing Director Dr. Jaime Aristotle Alip ang mga nakaraang pangulo ng Samahan. Dahil sa kanilang kontribusyon sa pag-iingat at pangangalaga sa Samahan ay naging matatag ang pundasyon nito. Pinasalamatan din niya and Deputy Commissioner sa maganda nitong pananalita tungkol sa CARD MBA. Nangako siya na patuloy *na gagawin ng CARD MBA ang kanyang nasimulan.*

## VIII.Pagbibigay ng Plaque of Appreciation sa mga Dating Lupon ng Patnugot

Bago ipamigay ang mga *plaque of appreciation* para sa mga magtatapos ng termino na mga Lupon ng Patnugot, isang maikling video presentation ang inihanda upang magbigay pugay at pasasalamat sa mahusay na pagganap sa kanilang tungkulin at sa lahat ng kanilang naging kontribusyon sa CARD MBA.

## IX. Presentation of the Newly Elected Board of Trustees/Pledge of the New Board of Trustees

Isa-isang tinawag sa entablado ang mga bagong nahalal na Patnugot. Kasunod nito ay ang mga mananatiling Patnugot. Isinagawa ang panunumpa ng mga bagong halal na Lupon ng Patnugot sa pangunguna ng Deputy Commissioner. Ferdinand George A. Florendo.

## X. Panunumpa ng mga MBA Coordinators

Isinagawa ang panunumpa ng mga MBA Coordinators sa pangunguna ng BOT President Virginia D. Baldo.

Natapos ang ika-15 na taunang pagpupulong sa ganap na ika 6:15 ng hapon.

| Inihanda ni: | Sinuri ni: | Pinatunayan ni: |
|---|---|---|
| **Maria Helena D. Guitang**<br>Executive Assistant/<br>Assistant to the Corporate Secretary | **Charito L. Rivera**<br>Corporate Secretary | **Virginia D. Baldo**<br>President |